# 1

"Anemone!"

Nang marinig ang tinig na iyon ay itinago ni Annie sa ilalim ng unan ang librong makailang ulit na niyang binabasa. Hindi dahil sa gusto niya ang nilalaman kundi dahil pinipilit niyang intindihin kung ano ang ipinupunto ni Karl Marx sa pagsulat niyon.

"Bakit, Consolacion?" ganting sigaw niya kay Aliw mula sa loob ng kuwarto. Naging lambingan na nilang tatlong magkakaibigan ang magtawagan gamit ang buong pangalan.

Dali-dali siyang bumangon para lumabas dahil kung hindi ay papasok ang kaibigang social worker. Baka makita pa nito ang libro. Masesermunan na naman siya nito pag nagkataon.

"Magpapasama ako sa 'yo sa clinic sa bayan," salubong sa kanya ni Aliw nang magtagpo sila sa salas ng bahay. May kilik itong bata na malapit-lapit nang matawag na nanggigitata. Ibinigay nito sa kanya ang pitong buwang gulang na sanggol. "At bawal kang tumanggi."

Wala sa loob na inabot niya ang bata. Kapag

ganoon ay alam na niyang idadawit na naman siya ng kaibigan sa pagkakawang-gawa nito. Kilala na niya ang ugali nitong kahit Sabadong tulad ngayon ay ginagampanan pa rin ang pagiging social worker.

"Nasaan ba ang nanay nito?" Gamit ang bib ng sanggol ay pinunasan niya ang sipon ng kawawang bata.

Wala namang kaso sa kanya ang paminsan-minsa'y maging *Good Samaritan*. Ang totoo'y sanay na sanay naman siya sa pag-aalaga ng bata, from babies to toddlers. Ilang taon ba siya nang magsimulang maging yaya ng mga kapatid sa ama? Kung hindi siya nagkakamali, sa gulang na walong taon ay kaya na niyang i-babysit ang half-brother na sumunod sa kanya.

At natural na malapit ang loob niya sa mga bata. Para sa kanya ay mas madaling pakisamahan ang mga ito—be nice and play with them—makukuha mo na ang puso nila. Hindi katulad ng mga grown-ups na ginawa mo na ang best and most pero hindi pa rin satisfied at may masasabi pa ring negatibo.

Kaya nga pre-school teaching ang napusuan niyang maging propesyon.

"Kliyente namin sa *DSWD* ang ina niya. Nagka-

postpartum depression kaya napabayaan ang anak. Isipin mo, Teacher Annie, iniwan na nga ng ama, mentally absent pa ang ina. Kawawa naman si Baby, di ba?"

"Huwag mo na akong konsyensyahin. Sasamahan na kita. Basta let me clean her first."

Pagkatapos mahilamusan at mabihisan ang sanggol ay nagmukhang anghel na ito. Pinulbusan din niya at dahil wala itong sariling toiletries ay ang ginagamit niyang cologne ang in-apply sa laylayan ng damit ng bata.

"See, you're so cute naman pala, eh," aniya sa bata. Ibinalik niya ito kay Aliw. "Magbibihis lang ako…"

"Huwag na, okay na 'yan. Ito ngang getup ko parang bibili lang ng toyo sa tindahan. We'll see kung sino sa atin ang pagkakamalang nanay ni Joy-Joy," excited na pahayag nito.

Natawa siya sa kapilyahan ng kaibigan. Sumulyap siya sa vanity mirror at pinasadahan ng tingin ang sarili sa suot niyang black pedal pusher at fitted yellow cotton blouse. Hindi siya mukhang teacher ngayon, para lang kolehiyalang walang pasok sa school.

"All right, sasakyan ko ang kalokohan mo, hindi na ako magbibihis pero kailangan ko lang ng enhancement." Matangkad siya, makinis at maputi. Lamang ay hindi siya nabiyayaan ng malusog na hinaharap.

Sa kanyang pagtataka ay mataman siyang tinitigan ng kaibigan.

"That must be a good sign, Friend. Akala namin ni Kim, forever ka nang walang ibang lalaking paluluguran kundi ang militanteng aktibistang 'yon. Maglo-long distance call ako sa London para lang ibalita kay Kim na sa wakas, ang mahal naming kaibigang si Anemone ay malapit nang magising sa katotohanan." Masaya ito sa nalaman na may interes pa rin si Annie na maging kaakit-akit sa paningin ng ibang lalaki.

Pabiro niyang sinimangutan si Aliw. Kailan kaya matatanggap ng dalawang matalik na kaibigan ang nobyo niyang si Jerry? Sa point of view kasi ng mga ito, one-sided ang relationship nila ni Jerry—na siya lang ang nagmamahal at nagsasakripisyo at si Jerry ay walang effort para masuklian ang pagmamahal niya. Ang payo ng dalawa ay humanap siya ng iba na mas makakapagpasaya sa kanya.

"Hmp, huwag na nga." Sinulyapan niya ang halos

flat na dibdib. "Okay na 'to. Akin na si Joy-Joy…"

Kailangan niyang mai-divert ang topic dahil kung hindi ay iki-critic na naman ni Aliw si Jerry. Hindi naman niya maipagtanggol ang lalaki dahil kahit paano ay may punto rin ang mga kaibigan.

"Nagtampo kaagad? Annie, gusto ka lang naman naming maging masaya. Kontento ka na ba sa now-you-see-him-now-you-don't setup ninyo? Aba, mas mabuti pa ang kabute, predictable ang pagsulpot. Eh, si Jerry, kailan mo ba huling nakita 'yon?"

*Three months ago, past midnight, sa may punong mangga sa likod ng bahay namin.*

She sighed at the thought. Not to mention na wala pang limang minuto ang itinagal ng pag-uusap na iyon dahil nag-aapura na ang mga kasama ng binata.

"Kahit kailan hindi ako magtatampo sa inyo and I will always be thankful sa concern ninyo sa akin. At bago pa tayo magkadramahan…" Inayos niya ang pagkilik kay Joy-Joy at iniabot kay Aliw ang tote bag na naglalaman ng mga gamit ng bata, "…tara na sa clinic. Mukhang hirap na hirap na 'to sa dinaramdam. Let's go, Yaya!"

Hindi na rin siya nag-abalang mag-apply kahit

lip gloss. Naisip niya, *Sapat na ang pulbos at cologne sa babaeng nasa genes ang ganda.*

Maraming nagsasabing ang ganda ni Anemone ay namana niya sa ina. At masaya siyang malaman iyon especially since she could barely recall her mother's face. Tatlong taong gulang siya at lima naman ang Kuya Melvin niya nang sumakabilang-buhay ang nanay nila. Sa pamamagitan ng ilang pirasong photographs kung saan kasama ang ina, nakuha niya ang ideya ng kabuuang hitsura nito.

Walang isang taon pagkaraang mabiyudo ay nag-asawang muli ang tatay nila. Nang magtrabaho ito sa ibang bansa ay naiwan silang magkuya sa pangangalaga ng madrasta niya na noon ay kapapanganak lang sa ikatlong kapatid nila sa ama.

Mas naging malapit siya sa mga ina nina Kim at Aliw kaysa sa sariling madrasta. Hindi niya masabi kung mabait ba ito o hindi. Hindi naman sila nito minamaltrato na katulad ng klasikong karakter ng mga stepmothers sa pelikula, lamang ay wala siyang madamang amor sa pagkandili nito.

She just felt like Tita Guada's guardianship was merely due to obligation, not love.

Lalo pa niyang napatunayan iyon nang magsilaki

na silang magkakapatid. She and Melvin were not deprived of financial support, pero limitado. Hindi nga nasunod ang gustong kurso ng kuya niya dahil masyado umanong mahal ayon sa madrasta.

Pressured din siya dahil lagi silang ikinukumpara nito sa sariling mga anak. At ang nakakalungkot, naglayas ang kuya niya dahil hindi na nito mapakibagayan ang stepmother nila.

---

Ilang buwan pa lamang mula nang itayo ang sangay ng *Gatchalian Clinic and Diagnostic Center* sa mismong bayan ng Baler ay kitang-kita na ang paglago nito. Mula sa dating apat na medical teams ay nadagdagan na ang bilang niyon. Maging ang parking space ng inuupahang gusali ay ginawa nang extension ng waiting area para ma-accommodate ang dumarami pang bilang ng kliyente.

Laging ipinagpapasalamat ni Doctor André Josef Gatchalian o Doc André ang blessing na iyon.

Hahalinhan niya ang kanyang business partner at resident doctor na si Dr. Maggie Fernandez para makapag-lunch break na ito. Nasa mid-fifties na ang nasabing doktora pero passionate at enthusiastic pa rin ito pagdating sa trabaho.

Hindi katulad niya na kaya lamang naisip kumuha ng medisina ay dahil sa kahilingan ng ama. Gusto kasi nitong siya ang magpatuloy ng nabigong pangarap ng mommy niya. But if he'd only follow his heart, he'd rather go into business than mind other people's health problems.

Ang pagtatayo niya ng klinika sa medyo liblib na bahaging ito ng Pilipinas ay hindi dahil sa negosyo at lalong hindi dahil sa charity. Iba ang motibo niya. Ang totoo'y front lang ang *GCDC* at sa una pa lang ay itinuring na niyang pagpapakalugi ang pagtungo sa probinsyang ito. Subalit heto at parang healthy seed na nahulog sa fertile land ng kabundukan ng *Sierra Madre* ang clinic.

"Doc André, come in. Reresetahan ko na lang si Baby at bibigyan ng vaccine and then I'm done," anang doktora nang sumungaw siya sa pintuan nito.

"Ako na ang bahala sa vaccine, Tita Maggie," aniya. André believed that less formality made the workplace more relaxing. Sa gayon, mas productive ang mga nagtatrabaho. "Kahit iyong prescription na lang."

"Thanks, André. Anyway, remember her?" Iminuwestra nito ang babaeng nasa harapan ng mesa.

Agad niyang nakilala ang mabait na social worker na nakasama sa isang medical mission. Lahat ng pagkakataon na maaari niyang marating ang mga liblib at kasuluk-sulukang bahagi ng Aurora Province ay hindi niya pinalalampas. Kung hindi nga lang siya magiging OA at obvious ay siya na mismo ang magpi-finance ng isang buong medical mission o kahit relief operation. At sa mga tagong komunidad niya iyon isasagawa mahanap lamang sa lalong madaling panahon ang taong pakay niya.

"Of course. How's life, Consolacion?" Nakangiti niyang inilahad ang palad dito.

"Normal lang, Doc," masayang sagot nito. "Kaya lang para tayong Español kung maka-Consolacion ka. Aliw na lang para Tagalog ang dating. Saka, close na naman tayo, di ba?"

Natawa siya sa tinuran nito. "Okay. Aliw. Pamangkin mo ang pasyente?" tanong niya pero ang mga mata ay hindi sa bata nakatingin kundi sa babaeng may karga rito.

*Lovely.* Iyon ang unang adjective na pumasok sa isip niya nang matitigan ang maamong mukha ng babae. Nagkaroon siya ng pagkakataong pasimpleng pagmasdan ang kabuuan ng katawan nito nang tumayo sa kandungan nito ang bata habang hawak

iyon sa magkabilang tagiliran.

*Pleasantly thin but too slim for a nursing mother. One more thing, her breasts, they should be larger if she's breastfeeding yet they look about… 32A?*

"Heto ang reseta." Napansin niyang kay Aliw iniabot ang papel sa halip na sa ina. "Kung walang pambili ng formula milk mas mabuting ipagpatuloy ang pagbe-breastfeed." Tumayo na ang doktora at iniabot kay André ang syringe. "P'ano, André, break na muna ako," paalam ni Dr. Maggie.

Habang nagsasalin ng tamang vaccine dosage sa syringe ay ipinagpatuloy ni André ang dapat sana ay lektura ni Maggie.

*Kailangan ng konting lecture nitong nanay na 'to na mas trip yatang magpa-sexy kesa magpaka-ina.* "Are you on a diet?" tanong niya sa babae.

May lihim siyang galit sa mga ina na mas inuuna ang pansariling kapakanan kaysa sa responsibilidad sa mga anak. Deretso niyang tinitigan ang babae sa mata. He found her eyes beautiful and mesmerizing though sadness seemed to be hiding in them.

Mabibilog ang mga mata ng babae, binagayan ng mahahabang pilik-mata. Tila naaasiwang umiling ito kaya naisip niyang baka totoo ang teorya niya.

*Hindi rin naman imposible na walang makain kaya…*

"Misis, hindi masamang maging figure-conscious. Kaya lang kung si Baby naman ang magsa-suffer at magiging malnourished dahil sa pagda-diet mo, I think you should forget your vanity for a moment and consider your child's health first. She needs all the nutrients that she could get from you."

"Doc, I'm not on a diet at hindi rin—"

"Sorry if I sound offensive. Trust me, I only want the best for your child." Hindi yata nagustuhan ng babae ang advice niya? He tried a different approach. "So ganito na lang, eat more vegetables and increase your protein intake. Makakatulong 'yon para madagdagan ang breast milk…" At tumingin siya sa gawing dibdib nito to support his argument.

Sa kanyang pagtataka ay narinig niyang humagikgik si Aliw habang nalukot naman ang mukha ng magandang babae.

"Sorry, Doc André, nakalimutan kong ipakilala ang best friend ko," natatawang sabi ni Aliw. "And the baby's not hers."

He and Aliw shared a hearty laugh. Pero ang kaibigan nito ay nanatiling nakasimangot. May

isang bahagi naman ng puso ni André ang lihim na nagbunyi sa narinig. At kung para saan iyon ay hindi pa rin niya alam basta he was glad to know she's still single.

"Oops, I sincerely apologize, Miss…" Ibinitin niya ang pangungusap.

"Anemone Flores," salo ni Aliw. "Akin na muna si Joy-Joy, *Mommy,* para makapag-handshake kayo ni Doc."

"Doctor André Gatchalian, at your service." He held out his hand na atubiling inabot ng babae. "Pleased to meet you, Anemone."

"Annie," pagtatama nito. "Same here."

"Bagay sa 'yo ang pangalan mo. Anemone—napakagandang bulaklak, parang ikaw." He was surprised at his own words. Bibihirang pagkakataon na nagiging vocal siya sa pagpuri sa babae. More so, what he said to Annie was a genuine compliment.

Kiming napangiti si Annie. Ang tila iritasyong nagbabanta sa maamong mukha nito kanina ay naglaho. She seemed on edge, though. And then he saw her blushing.

"Alin, iyong anemone na lanta na?" pabirong

balik nito na waring pinaglalabanan ang hiya o first meeting awkwardness. "Hindi mo na ako kailangang bolahin, Doc, para makabawi. Too late, pinagkamalan mo na akong nanay."

He was captivated by her shy smile since then.

---

Nalaman ni André mula sa kasunod na pasyente ang tungkol sa pagkakatanggal ni Annie sa pinapasukang Montessori school. Totoo ngang sa ganito kaliit na bayan ay magkakakilala ang halos lahat ng mga tao. He considered it as another clue na maaaring makapagturo sa kanya kung aling bundok ang dapat akyatin.

*So natanggal siya dahil may karelasyon siyang aktibista,* aniya sa sarili. *What a coincidence.* Aktibista rin ang taong hinahanap niya. Masaya sa nakalap na impormasyon si André. Hindi lang niya alam kung bakit nabubuwisit siya sa kaalamang may nobyo na si Annie.

Agad siyang nagpasya na dapat siyang mapalapit sa dalaga. Sigurado, mapapakinabangan niya ang kahit na anong detalye na maibabahagi nito sa kanya.

# 2

Komportableng nakatayo si Teacher Annie sa pinakasentro ng kindergarten classroom. Nag-umpukan sa harapan niya ang tatlumpung bata. Matamang nakikinig ang mga ito sa ikinukuwento niya. This was her comfort zone, this classroom with these adorable children.

Kahit mas nakasanayan niyang magturo sa private school ay nakapag-adjust na rin siya ngayong sa public school na siya nagtuturo. Mas mahirap i-handle ang klase dahil mas maraming bata at madalas kailangan pa niyang mag-translate sa Tagalog. Hindi tulad sa private school na karamihan sa mga bata ay English speaking na.

Itinuloy niya ang kuwento. “Nang sumapit ang ikatlong gabi, muling nagpakita si *Rumpelstiltskin* sa reyna. Kukuhanin na nito ang anak ng reyna kapag hindi nahulaan ang kanyang kakatwang pangalan…”

Halos nasa climax na ang kuwento ni Annie. Iniisip niyang dapat ay all eyes and ears na sa kanya ang mga bata subalit napansin niyang parang hindi focused sa kanya ang atensyon ng mga ito ngayon. Sinundan niya ang tingin ng isa. Sa gawing pintuan

sa likuran niya ito nakatingin. Subalit paglingon niya wala naman siyang nakitang anuman kaya't ipinagpatuloy na lang niya ang kuwento.

"Tuwang-tuwa si *Rumpelstilstkin* dahil mali ang unang pangalan na hula ng reyna. May dalawang tsansa na lang ito at mapapasakanya na ang anak nito…"

*Something's wrong talaga.* Inulit niya ang paglingon pero wala pa rin siyang nakita. At nagtatawanan na ngayon ang mga bata.

Nagkunwari siyang unaffected at saka biglang nilingon ang bukana ng classroom.

Eksakto. Nahuli pa niyang naka-'quiet' sign sa mga bata ang unexpected visitor na nagkukubli sa gilid ng pintuan kaya pala hindi niya makita.

Walang makikitang palatandaan na isang doktor si André ngayon. He looked ruggedly handsome in his printed shirt and faded jeans na halatang mamahalin. Palaisipan kay Annie kung ano ang importanteng sadya nito sa kanya. Hindi sila close para basta na lang ito bumisita.

"Sorry sa abala, Kids. And, Teacher Annie, sorry for the distraction. Please continue." Tumalikod na ito at natanaw niyang naupo sa swing sa harap ng

classroom.

*At paano naman ako makakapag-concentrate sa trabaho ko gan'ung nasa paligid lang ang guwapong 'yun?*

Comfort zone nga niya ang classroom, pero ngayong nasa paningin niya si André, daig pa ng nararamdaman niya ang tensyon niya noong practice teacher pa lang siya at may principal na nakamasid sa kanya.

To her pupils' disappointment, na-fast forward tuloy ang story-telling.

*Kasalanan ninyo, nakipag-conspire kasi kayo kay Doc…*

Binigyan ni Annie ang mga ito ng seatwork at saka hinarap ang bisita.

"Hi, Doc André. Gusto mo bang sa office tayo mag-usap?" Ilang hakbang lang mula sa kindergarten classroom ang opisina ng *Ditumabo Elementary School*.

"Hindi na, Teacher Annie. Doon ako galing at pinahintulutan ako ng principal na magambala ang klase mo. Anyway, makakapaghintay naman hanggang uwian ang sadya ko." Ngumiti ang lalaki

na mas mukhang endorser ng designer jeans for men kaysa manggagamot.

*Don’t smile at me like that, please.*

“May seatwork na sila. Puwede na tayong mag-usap. Pero p’wedeng huwag mo na ’kong tawaging ‘Teacher’? Nakakaasiwa kasi.”

Lumapit siya rito at dahil nakaupo si André ay halos magpantay ang taas nila. Pinili niyang manatiling nakatayo dahil kung uupo rin siya sa swing ay baka magmukha silang lovers sa park. Hindi niya alam kung bakit pumasok sa kukote niya ang salitang lover…

“If you’ll agree to call me ‘André’ nang walang ‘Doc’, deal.”

Napangiti siya. Ano kaya ang sasabihin ni Aliw kapag nalaman nitong first name basis na sila ni André? Siguradong lalo siyang tutuksuhin ng pilyang kaibigan. Pagkagaling nga nila noon sa clinic ay kaagad na itong nag-report kay Kim. Pauwi pa naman sa susunod na linggo ang chef nilang kaibigan, may makakatulong na naman si Aliw sa pambubuska sa kanya.

“Deal.” Bakit ba may pakiramdam siyang may pagka-manipulative si André? At bakit parang willing

siyang maging sunud-sunuran dito? “So, ano’ng sadya natin?”

“Iho-home visit ang pasyente ko. Ang kaso hindi ko alam kung nasaan ang bahay. Kaya naisip kong puntahan kita.”

“Ah, ’yung *anak* ko ba? Madali lang matunton ang bahay nila Joy-Joy. Magtanong ka lang sa kahit sinong tricycle driver. Kung wala kang dalang sasakyan, ihahatid ka pa nila.”

“Magpapasama ako sa ’yo kaya kita pinuntahan. Di sana’y sa barangay outpost na lang ako nagpunta kung direksyon lang ang kailangan ko. At saka mas mabuting nandoon ka dahil hindi naman ako kilala ng guardian ng bata, di ba? Baka hindi lang ako papasukin.”

Ina-underestimate yata ni André ang sarili, sa palagay ni Annie. With his oh-so-pleasing personality, ito pa ba ang hindi patutuluyin ng may-ari ng bahay?

Tumingin siya sa orasang pambisig. “Mahigit isang oras pa bago ang uwian. What if sa office mo na lang ako hintayin?”

“Huwag na, I like it here. Take your time.”

*You like it here nga, pero hindi nga ako makapag-*

*concentrate.* "Eh, sa canteen?"

She heard him chuckle.

"Feeling ko ipinagtatabuyan mo ako. Are you afraid na baka makita ng boyfriend mo na may ibang naghihintay sa 'yo dito?"

"Of course not!" agap ni Annie.

*Speaking of boyfriend.* Mayroon na nga pala siyang nobyo, pero bakit parang may kilig na hatid sa kanya ang pagdalaw na ito ni André? At talagang nakalimutan yata niyang may nobyo siya.

At hindi niya mapigilan ang parang teenager na reaksyon nang bigla itong bumisita. Daig pa niya ang Grade 6 na may bagong crush!

Sa unang pagkakataon, nagkasala ang dalaga sa kasintahang si Jerry.

At nang magsidating ang mga manunundo, lalo siyang nakadama ng guilt. Kahit nasa loob ng room at nagliligpit ng gamit ay rinig niya ang masayang usapan sa labas. Ilan sa mga mommies ay acquainted na kay André. Siguro dahil naging pasyente na sa clinic ang mga chikiting ng mga ito.

"Doc André, ngayon ka lang namin nakitang manunundo. Dito rin po ba naka-enrol ang anak

ninyo?" biro ng isa.

"Wala ho akong susunduing estudyante," magiliw na tugon ni André. "'Yung teacher ng mga estudyante ang hinihintay ko."

*Lagot.* Base sa makahulugang palitan ng tingin na natanawan ni Annie, malamang na may mga ispekulasyon nang nabubuo sa isip ng mga mommies. Ano na lang ang sasabihin ni Jerry kapag nakarating dito ang balitang siguradong may dagdag-bawas na?

In their five-year relationship, she had been faithful to him. Hanggang sa naakit siya sa karisma ng guwapong doktor na kailan lang niya nakilala. Mula nang maging opisyal ang relasyon nila ni Jerry, hindi na siya nag-entertain ng kahit sinong manliligaw. Masaya na siya sa nobyo.

Ang admiration ni Annie na unang naramdaman kay Jerry ay katulad ng paghanga nilang tatlong magkakaibigan sa childhood crush nilang si Gerard Figueroa—ang 'Kuya' slash protector nilang magkakaibigan.

Lumipas din ang paghanga niya kay Gerard kalaunan. Nabaling ang atensyon niya kay Jerry na kaibigang matalik ng kanyang Kuya Melvin. Bago pa man maglayas sa kanila ang nakatatandang kapatid

ay nanliligaw na sa kanya si Jerry pero hindi niya ito kaagad sinagot dahil sa kasunduan nila nina Aliw at Kim na sabay-sabay silang magbo-boyfriend.

She could see her Kuya Melvin in him. Kapwa maprinsipyo at maginoo ang dalawang magkaibigan. She missed her brother so much. Si Jerry ang nagpupuno ng pagkagiliw niya sa kapatid.

She believed herself in love with him. Kaya kahit anong discourage ang gawin ng mga kaibigan ay balewala sa kanya.

Nang mag-aral sa *UP* ang nobyo ay dumalang ang pagkikita nila. Nang maka-graduate ito sa kursong Political Science, lalong dumalang at naging patago pa ang kanilang pagkikita.

Kumalat ang balitang militanteng aktibista na ito. Nang kanyang komprontahin ay umamin ang binata at hiningi nito ang kanyang pang-unawa sa ipinaglalabang idealismo. At para maunawaan umano ni Annie nang husto ay binigyan pa siya nito ng kopya ng libro ni Karl Marx.

Pinilit niyang bigyan pa rin ito ng konsiderasyon sa kondisyong huwag naman sana itong tuluyang mamundok. Iyon ang napagkasunduan nilang magkasintahan na kanyang pinanghahawakan.

She really loved Jerry, iyon ang paniwala niya. Patotoo sa pagmamahal na iyon ay nang ireklamo siya ng isang parent sa administration ng isang Montessori school sa kasong misconduct dahil sa pagkakaroon ng kaugnayan sa isang rebelde. Kung tutuusin ay maaari niya iyong itanggi dahil wala namang nakakakita sa lihim na pagtatagpo nila ng nobyo. Pero inamin pa rin ng dalaga ang relasyon dito at ang itinanggi niya ay ang tsismis na *NPA* member na si Jerry. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya naniniwala sa balitang iyon.

Ang resulta, natanggal siya sa trabaho kahit regular employee na siya roon. Mabuti na lamang at nakasingit siya rito sa public school kahit substitute teacher lang ng gurong naka-maternity leave, at ilang linggo lang mula ngayon ay babalik na rin ito.

Saan na naman kaya siya mag-a-apply?

"Ma'am, uwian na po..." Ang tinig na iyon ng isang bata ang pumutol sa kanyang pagmumuni-muni.

Napuna niyang nakalinya na ang mga bata, nakasukbit na ang mga bags at hinihintay na lang ang ang closing spiel niya na magsisilbing hudyat ng labasan.

"Ah, oo. Goodbye, class…" awtomatiko niyang sambit.

"Goodbye, Teacher. Goodbye, classmates. See you tomorrow!" Nakahanay pa ring lumabas ang mga bata pero pagkalampas pa lang ng pintuan ay una-unahan na ang mga ito na parang mga ibong nakawala sa hawla.

Nakangiti niyang tinanaw ang mga hyper-active na bata. Isang araw na naman ang natapos. She sighed. Sa halip na ma-relax ang heart muscles niya ay parang lalo pa iyong na-tense nang makita niyang papalapit na sa kanya si André.

"Give me five minutes," ani Annie. *Ano ba ang meron ang doktor na ito at hindi ako mapakali sa presensya niya?*

"Make it ten… or fifteen. Magpahinga ka muna, hindi naman ako nag-aapura." Ngumiti na naman ito sa kanya na tila sinasadya para lalo siyang maakit sa kaguwapuhan nito.

*How considerate.* "Salamat. Bakit mo nga pala naisipang dalawin ang bata?"

"For follow up. Saka parang paayon lang. May pinuntahan akong pasyente diyan sa San Luis kaya naisipan ko nang tumuloy dito."

"Naturingan kayong mga graduate sa kolehiyo pero ang kinalabasan wala namang permanenteng trabaho. Hindi na kayo pabata. Kilos-kilos para mapagpag ang katamaran."

Bagaman ang panganay na anak ang kausap ng kanyang Tita Guada, alam ni Annie na kasama siya sa pinatatamaan nito.

"Ma, alam n'yo namang eversince mapulitika sa munisipyo. Mahirap ma-regular doon, palakasan," katuwiran ng half-brother niyang si Felman.

College graduate ito at *Civil Service* passer din pero hanggang ngayon ay hindi ma-regular sa trabaho.

"Hmp, katuwiran ba 'yan? Kulang lang talaga kayo sa diskarte. Ikaw, Si Annie at lalong-lalo na si Melvin, kailan kayo makakatulong sa amin, kapag may sarili na kayong pamilya? Kailan ninyo balak pauwiin ang ama ninyo? Aba'y sa ibang bansa na yata aabutin ng pagreretiro 'yon." Kung hindi lang kawalang-galang, ora mismo ay tatalikuran ni Annie ang nagbubungangang madrasta. Kung kailan pa naman nasa harap ng pagkain saka nanenermon. Bibilisan na lang niya ang pagkain.

"Ang dapat ninyong tularan, sina Cindy at Karen. Kaga-graduate lang pero may mga trabaho na at malapit nang ma-regular. Ikaw, Annie, hanggang kailan ka na lang diyan sa day care?"

"Two weeks, Tita." Dinala na niya sa lababo ang sariling pinggan. Sa kuwarto na lang niya iinumin ang tinimplang kape dahil kung magtatagal pa siya sa kusina ay maririndi lang siya sa boses ng madrasta.

"Tatambay ka na naman pagkatapos. Dangan kasi, kaganda na nga ng trabaho mo sa bayan, hindi mo pa pinahalagahan. Totoo ba kasing nobyo mo ang *NPA* na 'yon?"

"Boyfriend ko po si Jerry, pero hindi po siya *NPA*." Binuhat niya ang tasa at naghanda sa pag-alis.

"Sinasabi ko sa iyo, Annie, kapag kumalat ang pagiging *NPA* sympathizer mo hindi ka na makakahanap ng matinong trabaho. Ano'ng ituturo mo sa mga bata, magrebelde? Huling tsansa mo nang magamit ang pinag-aralan mo sa trabaho mo ngayon kapag hindi ka nag-isip-isip."

Ang madrasta talaga niya, dinaig pa si Madam Auring kung makapag-forecast ng kapalaran ng tao. At lagi na'y ang limitasyon nilang magkapatid ang nakikita ng matanda. Hindi siya makapapayag na

magkatotoo ang hula nito. Gagawin niya ang lahat may maipagmalaki lang dito at para maisalba ang dangal nila ng kanyang kuya.

“Makakahanap pa rin ho ako ng trabaho. Makakapagturo pa ako,” ani Annie.

“Tingnan natin…” mapang-uyam na pahayag nito. “Sana nga. Napag-iwanan na kayo nina Karen at Cindy. Si Jeric nga, OJT pa lang kinukuha na ng boss niya,” buong pagmamalaking sabi pa ng stepmother niya.

# 3

Ang hamon at pang-uuyam na natanggap ni Annie mula sa Tita Guada niya ang driving force na nagtutulak sa kanya para lalong magtiyaga sa paghahanap ng trabaho. Pagkatapos ng klase niya sa umaga ay deretso na siya sa bayan para magpasa ng resume sa iba't ibang institusyon.

Noong nakaraang araw ay sa mismong *DepEd Division Office* siya nagtungo at nag-follow up ng kanyang application. Sa kasamaang palad ay puno pa rin ang slots na para sa kurso niyang tinapos. At ang pangalan niya ay panlabing-isa pa, kumbaga eleventh in line pa siya. Mukhang magkakatotoo ang prediction ng madrasta.

Wala tuloy siyang ibang choice kundi ang isa-isahin ang mga private schools sa bayan na harinawa ay hindi pa natimbrehan ng pinanggalingan niyang Montessori school.

*Annie, don't lose hope,* payo niya sa sarili. *Lakad pa. Last, para sa araw na ito. There could be a surprise for you somewhere out there. At kung wala pa rin…* Naalala niya ang linya sa isang noodle commercial, *Tomorrow is another day.*

Mayroon naman siyang fallback if worse comes to worst. Sasama na lang siya kay Kim pagbalik nito sa London. Pastry chef doon ang kaibigan at maipapasok siya nito ng trabaho, hindi nga lang teaching. Pero di bale na, okay lang. May naipon na rin naman siya kahit paano.

"*Escuela de los Pequeños…*" Kasabay ng paghugot ng malalim na paghinga ay binasa niya ang nakasulat sa signage ng private school. "…or *School of the Little Ones*, is a non-sectarian Montessori school…"

"Aplikante ho sila?" tanong sa kanya ng guwardya. Tumango si Annie. "Naku, mainit pa naman ang ulo ni Madam Flora ngayon."

"Okay lang ho, Manong. Nandito na rin lang ako, haharapin ko na." That was one of her trademarks, kapag napasubo na siya sa isang bagay ay hindi na niya iyon inaatrasan. Pangangatawanan niya iyon hanggang sa makakaya niya.

Tinawagan ng guwardya ang Administrator's Office at ipinaalam na may aplikante.

"Second floor, unang pinto sa kanan. Good luck, Neng."

At dahil na-warning-an na siyang mainit ang ulo ng *Madam*, she prepared for the worst. Tama nga ito.

Nasa pintuan pa lang siya ng opisina ay naririnig na niya ang iritadong tinig ng school administrator. May kausap ito sa telepono habang ang isang babaeng nasa harapan nito ay mistulang estudyanteng ipinatawag sa Principal's Office.

"May I see your credentials?" maawtoridad na salubong nito sa kanya.

Naalala ni Annie ang aktres na si Odette Khan sa katauhan nito at maging sa boses. Nanatili siyang nakatayo dahil hindi naman siya inanyayahang maupo. Pinagmasdan siya nito mula ulo hanggang paa bago binasa ang sipi ng kanyang resume.

"Are you fit to work?"

"Yes, Madam," confident niyang sagot. Mukha yatang makakatsamba siya ngayon. *Sana matanggap ako… kahit ano gagawin ko, promise. I must prove Tita Guada wrong. Kahit anong test, willing akong mag-undergo. Drug test, pregnancy test at kahit virginity test, matanggap lang ako,* desperado niyang naisip.

"Well, ako mismo ang pipili ng clinic at sasamahan kita. Ayoko nang magtiwala sa kung saan-saang diagnostic centers na walang credibility."

Later, nalaman niyang ang ikinainit ng ulo nito ay ang kaso ng dalawang newly-hired teachers na wala

pa mang tatlong buwan sa serbisyo ay sagutin na ng management ang hospitalization bill. The diagnostic clinic that issued their medical clearances failed to detect their health problems.

“Ngayon, Miss Flores, tapatin mo na ako kung may itinatago kang sakit para hindi na ako mag-aksaya ng panahon.”

“Wala po.”

“Good. Tayo na kung gayon.”

Ngayon ay naniniwala na siya sa positive vibes ng ‘*the power of believing*’.

---

Subalit dagli ring nakontra ang sana ay blessing na para sa kanya. Her good luck seemed to be turning into a catastrophe!

“I’m sorry, Miss Flores, but Dr. Maggie is on leave, and won’t be reporting until next week,” sagot ng receptionist sa clinic.

“Gan’on?” Parang sand castle na dinaluhong ng alon ang kanyang pangarap. Paano siya makakapagbigay ng medical certificate ura-urada? Bagsak ang mga balikat na napalingon siya kay Madam Flora.

"But Dr. Gatchalian is in, right? Nakausap ko siya kanina sa telepono at sinabi niyang willing siyang mag-conduct ng medical examination ngayon," giit ng administrador.

"Yes, Ma'am. Iyon po ay kung hindi mag-o-object ang kliyente," paliwanag ng receptionist. "Base po sa experience namin, women prefer a lady doctor. Pero kung wala pong kaso kay Miss Flores, lalong walang problema kay Doc André."

"Madam, I can't possibly—"

"Anemone, alam mong kailangang-kailangan ko ng teacher, di ba? Hindi puwedeng paghintayin ang mga bata kung kailan lang mayroong gustong magturo sa kanila. At saka huwag mong sabihing sasayangin mo ang oras ko at ang opportunity na ino-offer ko sa 'yo?"

"Hindi naman po sa ganoon. Kaya lang—"

"Come on, hindi na ngayon panahon ni Maria Clara. Isa pa, professional si Doc André. He'll just examine you, hindi ka niya gagahasain."

*Right. Very well said, Miss Odette.*

Napasubo na si Annie. Nakakahiya naman sa istriktang administrador kung bibiguin niya ito.

Pagkakataon na rin niya ito para maibangon ang dangal niyang niyurakan ni Tita Guada.

*The die is cast, Annie. Show your sense of commitment!*

"Magpapa-medical na po ako." Napilitan siyang pumayag.

Ano naman kung makita at mahawakan ng doctor ang katawan niya? Magkakaroon naman siya ng permanent job. Hindi na siya aalimurain ng madrasta. At hindi na rin siya titingnan nang masama ni Madam Flora na parang gusto siyang lunukin nang buo.

"Good. Should you pass, you can start working with *Escuela de los Pequeños* as soon as your contract with *DepEd* ends."

Gayunpaman, may pakiramdam siyang pagkatapos ng physical examination na ito ay hindi na siya makakatingin nang deretso kay Dr. André Gatchalian.

Sana man lang bagong ligo siya bago ang procedure na ito na ang guwapong doktor na iyon pala ang gagawa!

---

"How was your day, Son?"

Via *Skype* ay kausap ni André ang ama na matagal-tagal na ring pinahihirapan ng sakit na cancer. Malaki na ang inihulog ng katawan nito mula noong igupo ng mabigat na karamdaman. Dati-rati ay matikas itong tumindig at mabulto ang pangangatawan subalit ngayon ay hindi na ito makakilos mag-isa at natali na sa upuang de gulong.

His father was forced to retire as president of *Gatchalian Pharmaceuticals* due to his health condition. Pansamantala itong hinalinhan ng isang tiyuhin niya habang sinasanay pa ang kanyang Kuya Vladimir na siyang papalit sa posisyon nito.

"A tiresome day, Dad, yet very fulfilling…" … *and exciting, interesting, stimulating,* may kapilyuhan niyang naidugtong nang sumagi sa kanyang isip ang pangyayari sa clinic kanina.

"Now you sound like your mom." Kapwa sila natawa sa komento ng ama.

Stage 3 na ang cancer nito pero ayaw nang mag-undergo ng anumang long-term medication. Anito ay sa kamatayan rin naman ang tungo kahit ilang therapy pa ang isagawa. Natitiyak niyang agad na nitong isusuko ang buhay sa oras na matupad ang

kahilingan. Kaya nga pine-pressure na rin niya ang sarili para mahanap ang taong gusto nitong makita sa lalong madaling panahon.

Kung traydor ang alta presyon at sakit sa puso, marami namang kasabwat ang sakit na cancer. Bigla-bigla na lang magkakaroon ng sorpresang kumplikasyon ang taong mayroon niyon. At bago pa ma-surprise attack ang daddy niya, dapat ay maibigay na niya ang kahilingan nito.

"Dad, gusto mo bang personal kong asikasuhin ang pagpapapagamot mo para—"

"Salamat, Hijo, pero huwag na." Pagkatapos ay nagbiro pa ito. "I don't need you here. Bumalik ka na lang dito kapag kasama mo na siya."

"It won't be long, Dad. So hold on, okay?"

Nakita niyang nag-thumbs up sign ito at nagpumilit ngumiti. "Kaya siguro ayaw pa akong sunduin ni Kamatayan dahil hindi pa ako personal na nakakahingi ng tawad kay Henri…"

Kung maagang nagpakumbaba ang daddy niya, posible nga kayang naging kompleto at masaya ang pamilya nila?

"Tama pala siya sa mga prinsipyo niyang

pinaniniwalaan. Akala ko'y pinaiiral lang niya ang masyadong radikal na pag-iisip. Why did it take so long before I recognized the more important things in life?"

Malaking kawalan si Henri sa pamilya Gatchalian, malaking kahungkagan ang iniwan nito sa puso nila. Mula nang umalis ito sa bahay nila ay naging palihim na ang bawat pakikipagkita nito sa sinuman sa kanilang pamilya.

Kung si André ang tatanungin, kusang umalis si Henri, dapat ay kusa rin itong bumalik. Welcome ito kahit kailan nito gusto. Ang tanong ay kung gusto pa nitong magbalik sa piling nila.

Isang malalim na paghinga ang ginawa niya bago nagsalitang muli.

"Paano kung wala na pala siya? I mean, hindi naman tayo nakakasiguro kung buhay pa siya o patay na, di ba? Remember nang mapabalitang kasama siya sa mga casualties nang magkasagupa ang mga sundalo at *NPA* sa *Mount Danayag*?"

"Buhay pa siya," kumpiyansang pahayag nito. "Nakita namin siya ni Karl noong kasal ni Vladimir."

Si Karl, ang bunso sa kanilang magkakapatid, ay isang artist. Bata pa lang ito ay malikot na ang

imahinasyon at kung anu-ano na ang nakikitang malayo sa realidad. Hanggang ngayon ba naman na beinte-uno años na ito ay sumusumpong pa rin ang make-believe syndrome nito?

"Okay. Ang sa akin lang, Dad, ay huwag kayong magkaroon ng false hopes. Kung si Karl lang ang nagsabi sa akin niyan, iisipin kong nagha-hallucinate lang 'yon. Pero dahil sinabi mong nakita mo rin, fine, maniniwala ako."

Bago siya mag-sign out ay kinausap at pinagbilinan din niya ang personal nurse ng ama. Sa ganoong paraan man lang ay makabahagi siya sa pag-aalaga rito.

Kung siya lang ang masusunod, nais sana niyang personal at literal na maalagaan ang ama. Hindi itong naghahanap siya ng taong ayaw magpakita at nanggagamot ng ibang tao gayong ang ama niya ay nangangailangan din ng kalinga ng manggagamot.

But what could he do? Ito ang gusto ng daddy niya na gawin niya para rito.

On the other hand, may positive consequence ding naidulot ang pagtungo ni André sa probinsya. Kawang-gawa. Tama rin ang mommy niya sa madalas nitong sabihin na, "*Don't forget to share your blessings.*

*Kapag nakakatulong ka sa kapwa, mas magiging happy ka sa buhay."*

Palagi rin niyang naalala ang iba pang favorite phrases nito gaya ng "*Everything happens for a reason*" at "*A tiresome yet very fulfilling day,*" na bukambibig nito sa tuwing uuwi ng bahay pagkagaling sa university na pinagtuturuan.

The boy in him still missed their mom. Hindi niya malubos maisip na nakaya silang iwan nito.